**Abstract**

*Ang Kalbaryo* (*The Suffering*) is set in the town of Enrile, Cagayan, during the tail-end of the Philippine Revolution in 1900, as Emilio Aguinaldo and his remnant forces flee from town to town to evade capture by the American forces. The one-act play attempts to explore the theme of war, particularly the possible roles that hunger and weariness play in planting the seeds of doubt that make a soldier question the reasons for armed struggle and eventually in committing acts of betrayal.

**Keywords**

war, hunger and weariness, acts of betrayal

**English title**

The Suffering

# ANG KALBARYO

HANS PIETER L. ARAO



Likhaan 18.indb 296 11/22/2024 4:38:03 PM

## Mga Tauhan

**Simeon** – nasa edad beynte hanggang treynta; matangkad; doktor at ayudante ni Aguinaldo

**Ilyong** – nasa edad beynte, mas bata kay Simeon; maliit ngunit mukhang malakas; maitim; kawal

*Mayo 1900. Tanghali.*

*Sa masukal na mga burol na kilala bilang Sinupac, sa lalawigan ng Cagayan, na pinagtayuan ng pansamantalang kampo nina Aguinaldo habang sila'y tinutugis ng puwersa ng mga Amerikano. Mula sa burol ay tanaw ang Ilog ng Cagayan, at maliit na daungan na may mangilan-ngilang bangka.*

**SIMEON:** Ilyong! Ilyong! Nasaan ka na naman ba?

*May kakaluskos na dahon, lalagutok na mga sanga mula sa kalapit na mga palumpong.*

*Magiging alerto si SIMEON sa tunog, ilalabas ang kaniyang baril, at itututok sa pinagmumulan ng tunog.*

**ILYONG:** (*Darating na hinihingal.*) Ako po ito, Koronel! Heto na po.

**SIMEON:** Walang-hiya, muntik na kitang barilin. Sinabi ko naman nang huwag naggagagala't baka kailanganin ka. Saan ka ba galing?

**ILYONG:** Pasensiya na. Diyan-diyan lang po.

**SIMEON:** Halika rito.

*Lalapit si ILYONG.*

*Babatukan ni SIMEON si ILYONG. Walang imik na tatanggapin ni ILYONG ang parusa.*



Likhaan 18.indb 297 11/22/2024 4:38:04 PM

Nalinis mo na ba ang sapatos ko?

**ILYONG:** Opo, kagabi pa.

**SIMEON:** Alam mo naman na mahalagang presentable pa rin tayo kahit nasa gitna ng bakbakan. Saan mo nilagay?

**ILYONG:** Sa kung saan n'yo rin po ipinalalagay parati.

**SIMEON:** O, tutunganga ka na lang?

**ILYONG:** Kukunin ko na po.

*Saglit.*

**SIMEON:** Baka kung sino na'ng sumunod sa 'yo sa kakagala mo.

*Saglit.*

O baka naman ipinagkanulo mo na kami, Ilyong.

*Mapapansin ni SIMEON ang mga dahon at maliliit na sanga na sumabit sa damit ni ILYONG, maging ang umbok sa kamisa nito.*

**ILYONG:** Natanaw ko lang po kasi iyong bayabas doon sa baba, hitik sa bunga. Hindi naman po ako nasundan ng kung sino. Saka, tanaw mula sa tuktok no'ng puno ang paligid. Nagmasid na rin po ako, baka sakaling magkagulatan. Wala naman po akong nakita. Mukhang kahit paano'y makakaasa po tayo ng tahimik na araw ngayon.

*Bubuksan ni ILYONG ang kamisa nito at bubungad ang mga bayabas. Pupulot siya at aalukin si SIMEON.*

Gusto n'yo po? Kailangan po natin ng bitamina sa katawan. At para maiba lang po sa kamote.

*Tatanggap si SIMEON.*



Likhaan 18.indb 298 11/22/2024 4:38:04 PM

**SIMEON:** Mukhang hilaw pa ito. Napakatigas. Hindi bitamina ang makukuha mo rito kundi sakit ng tiyan.

**ILYONG:** Sakto lang po. Ganito rin talaga ang gusto ko, Koronel. 'Yong lumalaban pa sa bawat kagat. Saka mainam na ring pampagising ang asim, lalo na ngayong bihira nang makatikim ang diwa ko ng kape.

*Kakagat si ILYONG at mangangasim ang mukha.*

Dinamihan ko na rin po ang pitas, baka-sakaling may makahuli sa mga kasama natin ng isda doon sa *allat.*

**SIMEON:** *Allat?*

**ILYONG:** A, iyong batis po sa taas. Narinig kong iyon ang tawag ng mga namamastol.

**SIMEON:** A. Mukhang nakipagkaibigan ka na, a.

*Matitigilan si ILYONG. Mauutal sa pagsagot.*

**ILYONG:** Mukhang mapagkakatiwalaan naman po. Hindi na rin naman sekreto sa bayan na nakalungga tayo rito. Naisip ko pong baka mas mainam na makuha natin ang loob nila kaysa nananaig sa kanila ang takot.

**SIMEON:** Hindi ka narito para mag-isip. Di mo 'yon responsibilidad.

**ILYONG:** Pasensiya na po, Koronel. Ngunit may silbi rin po talaga sila. Sila ang nagtuturo ng mga posibleng ruta para sa ipinagagawa ninyo. Saka si Langcay nga mismo na gabay natin, kinakausap sila.

*Biglang hahalakhak si SIMEON. Ibababa niya ang baril.*

**SIMEON:** Bueno.

**ILYONG:** Diyos na mahabagin, kinabahan po ako sa biro ninyo!



Likhaan 18.indb 299 11/22/2024 4:38:04 PM

**SIMEON:** Nagmukha kang manikang kahoy sa paninigas mo.

*May kukuning papel mula sa bulsa si SIMEON.*

Alam mo na ang gagawin.

**ILYONG:** Ngayon na po?

**SIMEON:** Sa lalong madaling panahon. Pero diskarte mo na 'yan.

**ILYONG:** Masusunod po.

**SIMEON:** Huwag pabaya. May nagaganap yata sa bayan, mukhang paroo't parito ang mga bangka ngayon.

**ILYONG:** Baka dahil lang po sa Lunes ngayon.

**SIMEON:** Lunes na nga ba? Ang hirap nang sundan ang mga araw dahil sa kakalipat natin.

**ILYONG:** Nililista ko po sa kalendaryo ang paglipas ng araw, para di ko malimutan.

**SIMEON:** Mukhang dapat kong tularan 'yan.

*Saglit.*

Baka puwede mo na muna itong ipagpaliban.

**ILYONG:** Hindi na po, Koronel. Mas mainam 'yan.

**SIMEON:** Hindi ba magiging kahina-hinala ang pagbaba mo?

**ILYONG:** Kapag ganitong tiyak na maraming tao, isa lang po akong Indio na nakikisalamuha sa kapwa ko. Mas ligtas ako ngayon kaysa sa mga nakaraang galawan. Saka iisa lang naman ang mukha natin sa mata naman ng mga dayuhan. Sasabay na lang ako sa mga pastol, baka-sakaling may mga kalaban sa paligid.



Likhaan 18.indb 300 11/22/2024 4:38:04 PM

**SIMEON:** Sige, ikaw ang nakakaalam niyan. Diskarte mo 'yan.

*Saglit.*

*Titingnan ni SIMEON ang bayabas na hawak niya.*

*Ihahagis niya ito, at sasaluhin.*

*Kakagatin niya ang bayabas, at mangingiwi sa asim nito.*

Sawa na ako sa bayabas, pero biyaya na rin ito. At sabi nila, nakakatulong daw ito para maayos ang pagbabawas. Hindi ko maintindihan itong sikmura ko. Akala mo naman, ngayon pa lang makakatikim ng hindi naisalang na tubig.

**ILYONG:** Makakatulong din po yata kapag nginata ninyo ang dahon.

**SIMEON:** Alam mo, minsan, hindi ko talaga matukoy kung seryoso ka o nagbibiro.

*Saglit.*

*Maingay ang pagnguya ni SIMEON, dahan-dahan, na tila ba may iniisip siya.*

Alam mo kung ano'ng kailangan sa bayabas na ito?

**ILYONG:** Ano po?

**SIMEON:** Kailangan nito ng asin.

**ILYONG:** Mainam nga po ang asin.

**SIMEON:** At isda—ayungin. Talbos. Kaunting labanos. Paminta. Maanghang na sili. Maputi at umuusok na kanin.

**ILYONG:** Pero hindi na rin po masama 'yong tirang litsong manok na natikman ko kahapon. May laman-laman pang nakakabit sa buto. At may kasama pang buto ng hinog na mangga.



Likhaan 18.indb 301 11/22/2024 4:38:04 PM

**SIMEON:** Aba, mukhang nakapamista ka, a.

**ILYONG:** Naabutan lang po ni Heneral Barcelona. Binayaran niya 'yong babaeng taga-Ecija para magdala ng pagkain. May sinigang pa nga po, pero di ko na natikman dahil 'yon ang sinagpang ng Heneral. Kaya yata ako nahalina sa bayabas dahil naghahanap ako ng maasim.

**SIMEON:** Baka nagdadalang-tao ka.

**ILYONG:** Nagdadalang-tae po siguro.

*Pareho silang tatawa.*

**SIMEON:** Maayos din ang kain namin kahapon. Pinakain kami ni Don Vicente nang pagdating namin ni Subido sa bahay nila sa poblacion.

**ILYONG:** Hindi pa rin po talaga matatapatan ang kagandahang-loob ng mga kababayan natin.

**SIMEON:** Tama ka. Banac na pinaksiw sa kamatis ang pananghalian namin, saka matamis na mangga. Sa gutom namin, kulang na lang kainin din namin ang nasa pinggan niya.

**ILYONG:** Pareho po pala tayong sinuwerte kahapon. Malayo sa kalahating chupa ng kanin na pinagkakasiya natin. Kulang na lang ang magandang si Tonyang na naghahain!

**SIMEON:** Si Tonyang na maghahain, at si Claring na kapag humahalakhak, parang batingaw na dala-dala ng hangin. Mag-aalok ng Jerez, pagkatapos, mauupo sa piano, titipa at kakanta.

*Pareho silang mapapabuntong-hininga.*

**ILYONG:** Kumusta na po kaya sila?

**SIMEON:** Hindi ko ginugugol ang oras ko sa espekulasyon, Ilyong.

**ILYONG:** Nangangamba po ako'ng limot na tayo ng mga mahal natin sa



Likhaan 18.indb 302 11/22/2024 4:38:04 PM

buhay. Paano kung nakapag-asawa na pala si Tonyang?

**SIMEON:** May pagkakaintindihan pala kayo?

**ILYONG:** A, e … wala pa po. Hindi na ako nagkaroon ng pagkakataon na magtapat ng pagnanais.

**SIMEON:** Malay mo naman, naghihintay sa pagbalik mo.

*Mag-iiba ang kalooban ni ILYONG. Kapansin-pansin ang lumbay sa mukha niya. Magpaparoo't parito siya, saka hihinto para tumanaw sa ilog at sa daungan.*

**ILYONG:** Naniniwala po kayo doon?

**SIMEON:** Sa alin?

**ILYONG:** Na makakabalik pa tayo?

**SIMEON:** Hindi iyon nawawala sa akin, Ilyong. Iyan ang pinanghahawakan kong pag-asa.

*Mapait ang tawa ni ILYONG.*

*Akma niyang sisipain ang isang bato sa lupa, ngunit magmimintis siya.*

*Aangil siya, pupulutin ang bato at ihahagis ito.*

**SIMEON:** Ano'ng nangyayari sa 'yo, Ilyong?

*Saglit.*

**ILYONG:** Maaari po ba akong magtapat?

**SIMEON:** Ano nga iyon?

**ILYONG:** Hindi ko po mabatid ang pag-asang sinasabi ninyo.



Likhaan 18.indb 303 11/22/2024 4:38:04 PM

**SIMEON:** Napanghihinaan ka na ng loob, gan'on ba?

*Hindi kikibo si ILYONG.*

*Saglit.*

**SIMEON:** Hindi ba't ikaw ang isa sa mga masigasig noon at naniniwalang kailangang lumaban?

**ILYONG:** Ginoo. Hindi ko pa rin po mawari ang bumabagabag sa akin. Pero ... hindi lang naman po ako ang may mata. Alam kong maging kayo, nakikita ninyo.

**SIMEON:** Nakikita ang alin, Ilyong?

**ILYONG:** Sa paglipat-lipat natin upang hindi mahuli ng mga Amerikanong tumutugis sa atin. Sa mga bayan-bayan na nadaraanan natin. Alam ko pong napapansin din ninyo!

**SIMEON:** (*Mauubusan ng pasensiya.*) Ang alin nga, Ilyong!

**ILYONG:** Lipas na tayo, Koronel Villa! Umusad na ang mundo, at napag-iwanan na tayo!

**SIMEON:** Kalapastanganan!

*Muling bubunutin ni SIMEON ang baril at itututok kay ILYONG.*

Kanino mo pa nabanggit ang saloobin mo?! Sumagot ka! Sinasabi ko sa 'yo, nasa katwiran ako kung ngayon din ay sesentensiyahan kita sa kinatatayuan mo nang walang paglilitis!

*Saglit.*

*Magpapanumbalik ang pagkakalma ni SIMEON at isisilid niya ang baril sa hawakan nito.*

*Tutungo siya sa isang nabuwal na puno at uupo rito.*



Likhaan 18.indb 304 11/22/2024 4:38:04 PM

*Mula sa bulsa ng kamisa niya ay bubunot siya ng lagayan na may pipa, pansindi, at tuyong dahon ng tabako. Mabagal niyang pupunuin ang pipa, sisindihan ito, at magpapausok.*

Heh. Tunay ngang masarap ang tabako sa bayang ito. Nakakapagpakalma. Ngayon, ipaliwanag mo ang sarili mo, Ilyong.

**ILYONG:** Napakahirap na ng dinaranas natin, Senyor.

**SIMEON:** Bahagi na 'yan ng buhay, Ilyong. Mahirap ang buhay noong nasa tahimik tayo. Mahirap din ngayong nasa gitna tayo ng rebolusyon.

**ILYONG:** Hindi po rebolusyon ang tawag nila sa ginagawa natin. Iba ang ibinabandera nila sa pahayagan. Panggugulo. Subersiyon. Insureksiyon.

**SIMEON:** At ano'ng pakialam natin sa opinyon ng mga banyagang nagsusulat sa pahayagang sinasabi mo? Naroon ka mula noong simula, Ilyong. Alam mo ang pinagmumulan natin, kung bakit natin ito ginagawa.

**ILYONG:** Kalayaan mula sa mga Kastila. Pagkatapos, sa mga Amerikano.

**SIMEON:** Hindi lang sa kanila. Kalayaan na tahakin ang ano mang landas na nakalaan para sa atin, nang walang panghihimasok mula sa kahit na sino mang dayuhan, gaano man kaganda ang intensiyon. Hindi tayo kumawala sa Espanya para lang magpasakop uli sa iba.

**ILYONG:** Minsan, naiisip ko po na baka nasa tama si Heneral Tirona ...

*Susugurin ni SIMEON si ILYONG, nanlilisik ang mata habang tinatakpan ang bibig para pigilan siyang magsalita.*

**SIMEON:** (*Pabulong*.) Huwag na huwag mong mababanggit ang talipandas at duwag na 'yan!

*Magpupumiglas si ILYONG.*

*Bibitiwan ni SIMEON si ILYONG matapos ang ilang saglit.*



Likhaan 18.indb 305 11/22/2024 4:38:04 PM

*Gigiray palayo kay SIMEON si ILYONG, hawak ang panga nito. Dudura siya ng dugo.*

**ILYONG:** … sa pagsuko niya. Mas kaunti ang nadanak na dugo. Walang masyadong gulo, kaya't tuloy lang ang pamumuhay sa mga pamayanan.

**SIMEON:** Hindi ka ganyan mag-isip dati, Ilyong.

**ILYONG:** Hindi nga po. Bago po sa akin ito.

*Saglit.*

*Iba't ibang tunog ang maririnig mula sa gubat. May mga boses din ng tao na dala ng hangin.*

Nitong mga huling araw, iniisip ko, baka namaligno ako. Iba ang kakahuyan dito. Pamilyar ang mga puno at hayop, gaya rin ng sa mga bundok na nagisnan ko. Ngunit sa makaulit na tingin, parang hindi pareho. Iba ang hangin. May mga langitngit sa dapithapon, sa dilim, sa mga sulok-sulok o di kaya'y tuwing malingat lang, na nagpapatindig sa balahibo ko sa batok. Parang bumubulong ang lahat ng nakakasalamuha ko sa gubat na ito at ipinamumukha sa akin na dayuhan ako. Kinulang ba ako sa pagpapaalam sa tuwing pipitas ng prutas o kaya tuwing sinasagot ko ang tawag ng kalikasan, kaya ako nagkakaganito?

*May kakaluskos. Mapapatingin ang dalawa, at dahan-dahang bubunot ng baril. Tatanggalin ni ILYONG ang itak mula sa kaluban nito. Maghihiwalay sila ng landas, magmamasid. Mukhang kabado si ILYONG, habang kunot naman ang noo ni SIMEON. Lalapit si ILYONG sa isang palumpong, tatalon, at may wawakwakin. May tatakas na itim na pusa. Mag-aantanda si ILYONG, bago magtangkang habulin ang pusa.*

**SIMEON:** Tumigil ka, Ilyong!

**ILYONG:** Baka po aswang!



Likhaan 18.indb 306 11/22/2024 4:38:04 PM

**SIMEON:** Hindi totoo ang mga ganyan, Ilyong. Kung ano-ano'ng iniisip mo. Nahihibang ka na yata.

*Mag-aalinlangan si ILYONG. Titingnan niya ang superyor, at ang direksiyong pinatunguhan ng pusa.*

**ILYONG:** Mabuti na po'ng totoo, dahil mas hindi ko matatanggap ang alternatibo.

**SIMEON:** At ano ang alternatibo?

**ILYONG:** Na binabagabag na po ako. Na naniniwala na akong tayo nga ang masama rito.

**SIMEON:** Pagod ka lang, Ilyong. At naiintindihan ko. Pagod naman lahat tayo. Ang mga tao, tanggalan mo ng mga nakasanayang ginhawa, madedemonyo ang pag-iisip. Iyon ang tunay na parusa ng karsel.

**ILYONG:** Hindi naman po tayo nakakulong.

**SIMEON:** Wala lang rehas at kuwadra, Ilyong. Pero may kadenang pumipigil sa atin. Iyan ang dahilan kaya tayo umaaklas.

*Saglit.*

Heto, humithit ka ng tabako.

*Iaabot ni SIMEON kay ILYONG ang pipa. Hindi ito tatanggapin ni ILYONG.*

**ILYONG:** Hindi ko po gusto ang paninikip sa dibdib na dala niyan.

**SIMEON:** Isa, dalawa, tatlong hithit lang, Ilyong. Parang kape na rin ito. Hindi man nakakapagpainit ng kalamnan, ngunit nagpapatapang. At nakakakalma. Oo, parang magkasalungat, pero ganoon nga ang epekto ng tabako.

*Hihithit si SIMEON, palalabasin ang usok sa bibig at ilong nang dahan-dahan.*



Likhaan 18.indb 307 11/22/2024 4:38:04 PM

Ituring mo nang utos ng doktor. Biruin mo, doktor at superyor pa ang tumingin sa 'yo.

*Hindi pa rin tatanggapin ni ILYONG.*

Nangangawit na ang kamay ko, Ilyong.

*May pag-atubiling tatanggapin ni ILYONG ang pipa.*

*Hihithit siya, at gagayahin ang pagbuga ni SIMEON.*

**SIMEON:** Mukhang marunong ka naman pala. Nililoko mo yata ako, e.

**ILYONG:** Ayaw ko lang po ng pakiramdam na parang puno ng usok ang baga ko. Pero opo, noong kabataan ko ay gumagamit din ako nito.

**SIMEON:** Sa bibig lang kasi, huwag mong paabutin sa baga.

*Muling hihithit si ILYONG, at magbubuga ng usok na iba-iba ang hugis.*

**ILYONG:** Marami rin sa amin nito. Taga-Ilocos po kasi ako. Mas mainam pa rito ang kalidad ng mga dahon namin.

**SIMEON:** Tingnan mo nga naman. Heto tayo't bumubuo ng bansa, ngunit hindi pa rin talaga natatanggal ang kompetisyon sa pagitan ng mga lalawigan. Pero taga-Ilocos ka pala. Malapit-lapit na iyon dito.

**ILYONG:** Karatig na po. Mahabang lakbay na rin po, lalo't sa paa lang makakaasa. Mapapabilis, kung puwedeng umangkas sa mga ibon.

**SIMEON:** Itaga mo sa bato, Ilyong. Darating ang panahon na mararating natin ang malalayong lugar lulan ng mga karwahe na himpapawid ang tinatahak at hindi malubak na kalsada.

**ILYONG:** Karwaheng lumilipad? Ilang siglo pa po siguro, kung magkatotoo man.

**SIMEON:** Natatahak na natin ang lupa at dagat. Maniwala ka, Ilyong, masisilayan pa natin ang panahon na maglalakbay tayong palipad. Malay mo, pagkatapos ng lahat ng ito, 'yan na ang realidad.

**ILYONG:** Gano'n po kabilis?

**SIMEON:** Mabilis ang pagsulong ng teknolohiya, dahil nakabase ito sa mga nailikha na. Napag-usapan noon na pagkatapos ng digmaan, pupunta tayo ng Europa.

**ILYONG:** Hindi naman po kami kasama diyan. Para lang po sa inyong mga opisyal 'yan.

*Iirapan ni SIMEON si ILYONG. May sasabihin sana, ngunit tila magbabago ang isip.*

**SIMEON:** Sandali't naiihi ako.

**ILYONG:** Sasabay na rin po ako. Dito po ako sa kabila, baka masalisihan tayo. Naku, magpasintabi po kayo. Tabi-tabi po!

*Saglit.*

**SIMEON:** Naiintindihan ko na yata kung bakit gulong-gulo ang isip mo, Ilyong.

**ILYONG:** Bakit po?

**SIMEON:** Dahil nga sa malapit ka lang sa bayang sinilangan mo. Hindi talaga maiiwasan ang pangungulila sa kinalakihan natin. At para kang tinutukso ng tadhana. Napunta tayo sa Ilocos Sur, at ngayon naman sa Cagayan. Hindi umaayon na masagap mo ang hangin ng bayan mo. Nariyang malapit, pero nalaktawan pa. Pero alam mo, suwerte na rin 'yon, e. Hindi ako sigurado na kung napadaan ulit tayo sa Pandacan, kakayanin ko pa itong iwan ulit.

**ILYONG:** Nangungulila nga po siguro ako. Madalas ngayon, sa tuwing kumakalam ang sikmura ko sa gutom ay nababaling ang isip ko sa alaala ng *pansit musiko.*



Likhaan 18.indb 309 11/22/2024 4:38:04 PM

**SIMEON:** Pansit musiko?

**ILYONG:** Sinabawang pansit na madalas ipinapakain sa mga musiko tuwing may patay o handaan. Kulay kahel dahil sa atsuwete, sintingkad ng saboy ng liwanag kapag palubog na ang araw. Napakabango dahil sa bagsik ng bawang sa amin. Hindi ko man mahigop, minsan sapat na ang alaala nito para uminit ang aking kalamnan. Pero sa tagal ng panahon parang nabubura na ang imahe nito sa diwa ko. Hindi na maipinta ng isip ko ang kulay nito, hindi na nakikiliti ang ilong ko, hindi na gaya ng dati.

**SIMEON:** Sa pagkakalarawan mo, para ko na ring natikman. Nakatatakam.

Papayuhan kita, Ilyong. Makapangyarihan ang alaala. Kapag hindi tayo nagmatyag sa panganib nito, para itong daluyong na susugod at lulunurin tayo. Iwaglit mo na muna ang alaala. Hindi tayo lumalaban para diyan.

**ILYONG:** Para saan po ang laban, kung hindi para magpanumbalik sa simula, sa panahon bago tayo nanakawan ng dignidad at kalayaan?

**SIMEON:** Para sa kinabukasan, Ilyong. Kaya may pagdanak ng dugo at pagwasak, dahil sinusubukan nating pumiglas sa mahigpit na kapit ng kahapon. *Tabula rasa* ang bukas na nagpapakasakit tayong mailikha. Walang bahid ng dumi at korapsiyon na ipinataw sa atin. Walang balakid sa pagkamit ng pangarap. Bagong simula.

**ILYONG:** Hindi ko alam kung 'yan ang gusto ng mga nasa pamayanan, Koronel.

**SIMEON:** At ba't di nila gustong maging malaya?

**ILYONG:** Hamak na kawal lang po ako. Mula rin po ako sa ibaba. Kaya alam kong hindi iyan ang iniisip ng mga kapwa ko.

*Saglit.*

Tama po kayo noong sinabi ninyo kanina na mahirap ang buhay. Kaming nasa laylayan, alam namin ang katotohanan niyan. Dama namin sa buto at kalamnan. Mula pagbungkal ng lupa para sa pagsasaka, pagpapalaot



Likhaan 18.indb 310 11/22/2024 4:38:04 PM

para sa isdang hindi kami ang kakain, o pagdilihensiya sa piyer para makapagkalap ng sapat para makakain, araw-araw ay suot namin ang katotohan nito sa aming mga katawan. Karga namin buong araw, walang palya, walang pahinga, mula pagsikat ng araw hanggang paglubog ng buwan.

*Saglit.*

Wala kaming panahon na tumingala sa kalangitan para mag-isip ng mga ideyang hindi nahahawakan. Mabigat ang pasanin ng araw-araw na kabuhayan. Dahil dito, masyado kaming malapit sa lusak. Hindi kami makatanaw, kaya't hindi rin namin napapansin ang pagkakaiba ng Kastila sa Amerikano sa Pilipino. Kung mayroon man.

Kaya ko po nasabi na baka nasa katwiran ang pagsuko ni Heneral Tirona. At ng iba pa.

**SIMEON:** Mga duwag lang sila na sarili ang iniisip. Huwag mo silang aatasan ng birtud na hindi naman nila angkin.

**ILYONG:** Ang sinasabi nila, wala naman tayong pagkakaiba sa mga naunang mananakop.

**SIMEON:** Paanong walang pinagkaiba? E kulay pa lang, kitang-kita na?

**ILYONG:** Magkaiba raw po ang kulay, pero sa karanasan, walang pinagkaiba. Nagnanakaw rin daw tayo. Mas mabigat pa raw ang buwis na singil natin. Nang-aagaw raw tayo ng pag-aari ng iba. Ginagahasa ang mga babae sa bayan-bayan. Abusado raw, dahil may lakas. May baril. Dito po sa Cagayan, nagdiwang ang mga tao sa pagsuko ni Tirona. Dahil sa isip nila, tapos na ang abuso.

**SIMEON:** Muling inaalipin ang mga bayan!

**ILYONG:** Ang sinasabi nila, wala na tayong ipinaglalaban. Sumusunod na lang daw po tayo sa pangulo. Pinagtatawanan pa nga po yata. Minsan narinig kong sabi, panggulo raw.



Likhaan 18.indb 311 11/22/2024 4:38:04 PM

**SIMEON:** At hindi mo dinakip ang sumambit niyan?

**ILYONG:** Hindi ko naman po nakita. At baka po kung bawat taong sumambit niyan ang paparusahan natin, tayo na ang kukuyugin dahil baka mas marami sila sa atin.

**SIMEON:** Lumalaban ang pangulo para sa bayan! Sa ating kasarinlan! Kasama niya tayo sa laban.

**ILYONG:** Pagod na po yata sila sa laban. Kaya ano man ang pagkukulang nila Heneral Tirona, baka kailangan din po nating tingnan kung ano'ng naging epekto ng ginawa nila sa mga bayan-bayan?

**SIMEON:** Isinuko nila ang dignidad nila, at sa pagsuko nila, dalawang hakbang ang iniatras natin sa isang hakbang na naitapak natin pasulong.

**ILYONG:** Katahimikan po. Para sa amin, ang katahimikan ay pareho lang sa kapayapaan.

**SIMEON:** Tahimik dahil sa takot!

**ILYONG:** Tahimik man po at takot, nakakapamuhay nang muli. Nakakapagsaka na ulit. Nakakapangisda. Nakakapagkalakal. Baka po kailangan nating tanungin kung alin ba ang mas gusto ng mga nasa nayon. Ang tahimik na buhay na may pagkain, o ang lumalaban nang gutom!

**SIMEON:** At makokontento na ba tayo sa gano'ng sistema? Alagain na pinapakain, at dahil may laman ang tiyan, nalimutan nang may gapos sa leeg, na kung gugustuhin ng amo ay puwede ring gamiting pambigti sa atin?

**ILYONG:** Madali po iyang masabi ng mga taong hindi naman lumaki sa gutom.

*Susugurin ni SIMEON si ILYONG, dadakmain ang mukha.*

**SIMEON:** Gutom ako, Ilyong! Sino ba ang hindi gutom sa panahong ito?



Likhaan 18.indb 312 11/22/2024 4:38:04 PM

*Kakalam ang sikmura ng dalawa.*

*Saglit.*

*Bibitawan ni SIMEON si ILYONG.*

Hindi ako ipokrito, Ilyong. Aaminin ko'ng ako man ay minumulto ng alaala ng ginhawang kinalakihan at nakasanayan ko. Hindi naman ako mandirigma, Ilyong. Manggagamot ako. Nasa magkabilang ibayo ang isinumpa kong propesyon sa mga tungkulin ko ngayon.

Gabi-gabi akong dinadalaw ng engkanto. Nuno na tinutukso ako ng kayamanang nasa palad ko kung gugustuhin ko. Higanteng kumakain ng bande-bandehadong pagkain—litson, ang paboritong pancit Henoy ng Heneral, bistek, pinaupong manok na pinabango ng tanglad at inihain sa kama ng esparago. Magandang diwata na iniaabot sa akin ang magarang damit na mula Europa. Gabi-gabi, iyan ang dinaranas ko. At sa tuwing magbubukang-liwayway na, nakikipagbuno ako sa aking sarili, na tinatanong kung para saan ba ako bumabangon.

*Malamyang ngingitian ni SIMEON si ILYONG.*

Kaya naiintindihan kita. Kaya hindi ko magawang magalit. Dahil naaaninag ko naman sa mukha mo na nagugulumihanan ka.

**ILYONG:** Hindi po ako nakakatulog. Hindi lang dahil nabibingi ako sa kalam ng sikmura ko. Wala tayong kakampi sa kakahuyang ito. Kung hindi man hayop na kakain sa atin, nasa gilid-gilid lang ang kalaban, walang patid na tumutugis sa atin. Pati mga Igorrotes, itinuturing tayong kaaway. Ilan na ba sa nakaraang buwan ang kakulay natin na napatay natin? Minsan naiisip ko na mas madali na lang bumitaw. O di kaya'y hindi na ako magising sa umaga, dahil bumigay na ang katawan ko sa pagod at takot at gutom.

*Saglit.*

Paano po ninyo napipigilan ang sarili na sumuko?



Likhaan 18.indb 313 11/22/2024 4:38:04 PM

**SIMEON:** Dahil ang gutom ko ay hindi lang sa sikmura. Mas matakaw ako. Ang gutom ko, saklaw ang mundo. Narito ka na, Ilyong. Lawakan mo ang ambisyon mo.

**ILYONG:** Mula noon pa, ang pangarap ko lang para sa sarili ko ay ginhawa.

**SIMEON:** Gawin mong ginhawa para sa lahat.

**ILYONG:** At ang pagkitil sa buhay? Paano po mahuhugasan ang dugo sa kamay?

**SIMEON:** Gaya ng pagtanggal ng katarata, kailangan ding puksain ang puwersang dayuhan dahil kung hahayaan sila, masusuklob sa dilim ang lahat. Hindi na tayo makakakita. Hindi na tayo gagana ayon sa pagkakalikha sa atin ng Maykapal.

**ILYONG:** Hindi naman po ako siruhano. Hindi ko magagamit ang ganyang pagdahilan.

**SIMEON:** Hindi nahuhugasan ang dugo, Ilyong. Nagmamantsa ito sa pagkatao at hindi na natatanggal.

**ILYONG:** Kung gan'on ...

**SIMEON:** Nang sumama ka sa hukbo, iyon na ang kontrata. Tinanggap ko ito noong una tayong umaklas sa Espanya. At dahil dito, nawala ang pag-aalinlangan. Nakita ko nang malinaw na ang kalupitan na inihahasik ko sa kaaway ay kabutihan ang idudulot sa bayan.

**ILYONG:** ... walang kawala.

**SIMEON:** Walang kawala. At dahil laging naririyan, nagsisilbing sumpa na hindi malilimutan.

**ILYONG:** Walang kawala.

**SIMEON:** May hangganan din ito, Ilyong. Maaabot din natin ang dulo ng laban.



Likhaan 18.indb 314 11/22/2024 4:38:04 PM

**ILYONG:** Kamatayan. Libingan.

**SIMEON:** Tagumpay. Kalayaan. Kasarinlan.

**ILYONG:** Kamatayan.

**SIMEON:** Makitil man ang buhay, may magpapatuloy ng ating nasimulan.

**ILYONG:** Maganda pong pakinggan. Pero hindi kayang sapinan ang tiyan.

*May sigawan. Magpuputukan ang mga baril. Kakaripas ang mga sundalo.*

*Mamamatay ang ilaw.*

*Wakas.*



Likhaan 18.indb 315 11/22/2024 4:38:04 PM